Ebanghelyo ayon kay Mateo 8 : 1 - 3

Lumapit sa Kanya ang isang ketongin at lumuhod sa harapan Niya. “Ginoo,” ang wika niya, “kung ibig po ninyo, ako’y mapapagaling.” Hinipo siya ni Hesus at sinabi, “Ibig ko, gumaling ka.” At kapagdaka’y gumaling ang kanyang ketong.

Kahit minsan hindi nagsabi si Hesus ng “Hindi” sa sino mang humiling ng kagalingan. Pinagaling Niya ang lahat ng humiling ng kagalingan, ibig sabihin gusto Niya akong pagalingin.

Kahit minsan hindi sinabi ni Hesus, “Ang karamdaman na ito ay iyong krus, dapat mong pasanin ng buong tapang.” Kundi, tinuturing ni Hesus ang karamdaman kung paano tinuturing ng isang magulang ang karamdaman ng sariling anak: isang bagay na kailangang mapag-tagumpayan, isang bagay na kailangang pagalingin sa lalong madaling panahon. Sino bang magulang ang nagnanais na ang kanilang anak ay magkakasakit? Malaking pagkakamali kung iniisip natin na ninanais ng Diyos na magkasakit ang sino man sa atin. Ang Diyos, tulad ng mabuting magulang, ay nagnanais na ang kanyang anak ay walang karamdaman!